1

“Auntie, di ko talaga alam kung makakapunta ako diyan at this time,” ani Melissa habang kausap sa cellphone ang tiyahin na nasa Maynila.

Siya ang nangangasiwa sa hacienda ng kanilang pamilya sa probinsya. Papalugmok na ang *Hacienda Dulce Vita*. Dahil tapos ng kursong Commerce, sa edad na beinte cuatro ay sa kanya iniatang ang responsibilidad na iyon.

“Kailangan ka ni Berna sa mga panahong ito, Melissa. Dapat narito ka, ilang linggo man lang bago ang kasal niya,” sagot ni Rosanna sa pamangkin.

Napatingin ang dalaga sa paligid niya. Maganda ang kanilang hacienda. Kaya lang dahil sa mga peste at sunud-sunod na bagyo ay nalulugi ito for the last four years. Kailan lang sinabi iyon ng auntie niya. Nagsimula siyang pamahalaan ito two years ago. Medyo nawawalan na ng pag-asa ang kanyang pamilya na makakabangon pa sila sa laki ng nawala sa kanila.

Halos wala nang bunga ang papaya plantation at nasira ang karamihan sa mga puno. Gayundin ang

nangyari sa iba pa nilang taniman.

"I still have a lot to do around here, Auntie. I can only promise that I'll be there before the wedding day," aniya.

"Melissa, she desperately needs you. At hinihiling niya sa aking papuntahin ka kaagad dito. Of course, I told her about *your* situation, gayundin ng *estancia*. She just won't hear any of it." May desperasyon sa boses nito.

Hindi niya maintindihan kung bakit kailangan siya ng pinsan. Oo, close sila, sabay silang lumaki sa hacienda. Nagkahiwalay lang sila nang mag-aral ito sa Maynila nang kolehiyo samantalang pinili niyang magtapos sa probinsya.

Nagkasama na lang sila ulit nang magtrabaho sa isang malaking kompanya sa Maynila na pagmamay-ari ng isang kaibigan ng pamilya. Ngunit siya lang ang pinabalik nang magkaproblema sa hacienda.

Mabigat umanong trabaho iyon para sa biyuda niyang tiyahin na siyang ina ni Berna. Pag-uwi niya ay lumuwas naman ang Auntie Rosanna niya upang samahan ang anak nito sa Maynila.

"Tatawagan ko na lang mamaya si Berna, Auntie." Bumuntong-hininga siya.

"Ayokong magkaaberya sa nalalapit na okasyon, Melissa. Kapag hindi naikasal si Berna kay Mr. Sandoval, katapusan na natin."

"I understand, Auntie. Pero para rin sa atin ang lahat ng ginagawa ko." She hated feeling pressured.

Nakasimangot na pinindot na niya end call button ng kanyang cellphone at ibinulsa iyon sa kanyang pantalon saka ini-adjust ang kanyang sombrero.

Pera. Iyon lang ang mahalaga sa kanyang tiyahin at ibang kamag-anak. Tanging si Berna lang ang kasundo niya sa pamilyang naiwan sa kanya. Wala na siyang mga magulang at si Auntie Rosanna ang kinamulatan niyang ina.

Limang taon nang namayapa ang asawa nito, ang ama ni Berna. Hindi niya alam kung bakit may mga panahong sinisisi siya nito sa kanilang sitwasyon.

Nang dumating sa bansa at makilala ni Rosanna ang heredero ng pamilya Sandoval ay nakatanaw ito ng pag-asa. Lalo na nang pumayag ang partido ng lalaki na magkaroon ng kaugnayan sa kanilang pamilya. Sa pamamagitan ng kasal.

Tahasang ipinaalam iyon ng tiyahin sa kanilang magpinsan. Itinakda nga ang kasal nina Berna at Zaldy apat na buwan na ang nakalipas.

Hindi kilala ni Melissa ang lalaki. At lalong di pa niya ito nakikita. Pero sa narinig mula sa dalawang kuya ni Berna, ayaw ng dalaga na magpakasal dito. Hindi niya alam ang totoong dahilan.

Kunsabagay, siya man ay mag-aalangan ding makasal sa isang tao na estranghero sa kanya. Ang tanging alam niya mula sa tiyahin ay magaling humawak ng negosyo si Zaldy Sandoval. Mukhang wala itong hangad kundi ang magpayaman nang magpayaman. Kung hindi, bakit ito papayag na magpakasal sa isang babaeng ni hindi pa nito nakikita? O baka naman ubod ito ng pangit kaya payag nang matali sa kahit na sino. Hindi na ito lugi kay Berna. Maganda ang pinsan niya, at dati ring may sinasabi ang kanilang pamilya. May status pa rin silang matatawag sa sociedad, kahit na nga ba wala na silang gaanong pera.

Kinagabihan ay tinawagan niya si Berna sa landline.

“Buti at napatawag ka, Melissa.” Matamlay ang boses nito sa kabilang linya.

“Kumusta na?” Pilit niyang pinasisigla ang boses. “Dapat masaya ka dahil malapit na ang kasal mo.”

“Mga tatlong linggo na lang, Melissa. Ayos na

ang lahat. Pero di pa rin ako sang-ayon sa kasal," tahimik nitong patuloy.

Napalunok siya. Siya man siguro ang nasa lugar nito ay ganoon din ang mararamdaman niya. Ngunit ano ba ang kapangyarihan nila laban sa ina nito?

Intimidating at dominante, iyon si Auntie Rosanna, at kahit siya ay nakakatikim ng ganoong pagtrato mula sa tiyahin. Lalo na ang mga anak nito. At pinakakawawa nga si Berna dahil babae ito. Nang maisipan ng tiyahin na ito ang kasagutan sa lahat ng problema nila sa pera, walang pag-aalinlangan na inireto nito ang anak sa pamilya Sandoval.

"Naiintindihan kita. Tinawagan ako ni Auntie kanina para papuntahin na diyan," pagtatapat niya.

"Natatakot na kasi ako, Melissa. Buti ka pa at medyo nakakapanindigan ka pa kay Mommy. Eh, kami dito lahat nanginginig kapag nagsasalita na siya," malungkot na pahayag nito. "Please, lumuwas ka na dito. Kailangan ko talaga ang suporta mo."

"Berna, hindi ko puwedeng pabayaan ang plantasyon. Dapat may nag-su-supervise dahil baka atakehin lang uli ng mga peste kapag napabayaan ng mga tauhan natin dito," mahinahong paliwanag niya.

"Alam ko 'yun. Pero gaano ba naman ang dalawa

o tatlong linggo na hinihingi ko? Isa pa, 'andiyan si Mang Lirio, mapagkakatiwalaan mo siya."

"Oo nga. Pero matanda na siya, nakakaawa kung siya ang lagi kong aasahan."

"Melissa, please, I'm desperate."

Napabuntong-hininga siya. "Sige na nga." Sa ganitong paraan lang siya makakatulong kay Berna. Pag naikasal na ito ay wala na siyang magagawa. "I'll be there tomorrow evening, then."

"Salamat, Melissa. Ikaw lang talaga ang inaasahan ko sa lahat."

Kinabukasan ay maaga siyang nagtungo sa bahay ni Mang Lirio at nagpaalam dito. Inihabilin niya ang lahat ng dapat ayusin sa pataniman at nag-iwan din ng instructions sa pangwalong anak ng matanda, ang binatilyong si Luis.

"Ma'am, wala po kayong dapat na ipag-alala," sagot ng binatilyo.

"Aasahan ko 'yan, Luis. Tulungan mo ang tatay mo," saad niya.

"Hayaan n'yo po, Ma'am, makakabangon din po ang hacienda ninyo. Huwag na po kayong mamroblema nang labis. Di ko na po kayo nakikitang

ngumingiti," ani Mang Lirio.

Ngumiti siya at bahagyang tumango.

"Huwag kayong mag-aalala, Mang Lirio. Marunong pa rin naman akong ngumiti. Hindi ko lang magawa nang madalas sa sitwasyon natin ngayon. Kayo na po ang bahala rito."

"Sige po, ingat po kayo."

"Luis, huwag mong kalilimutang pakainin at paliguan si Antonio, ha? Pagkatapos ng tanghalian ako aalis. Ingat din kayo dito."

"Opo. Ako'ng bahala sa aso n'yo, Ma'am. Ingat po kayo sa biyahe."

Tumango siya. "Salamat. At tawagan n'yo ako kaagad kapag may problema dito, ha?"

Bumalik siya sa malaking bahay upang mag-empake. Pinalinisan niya ang kotseng gagamitin para lumuwas ng Maynila. Buti na lang at marunong magmaneho ang isa sa mga hardinero at pinapaandar ito tuwing umaga upang hindi masira ang makina nito. Dahil sa sobrang busy niya ay di na niya napagtutuunan ng pansin ang maliliit na bagay.

Habang maingat na nagmamaneho ay iniisip niya ang maaaring gawin upang matulungan si Berna sa

problema nito.

Hindi niya hawak ang bawat pagkakataon at mga pangyayari. Pero mukhang siya ang pumapasan sa mga gusot ng pamilya. Ni wala na siyang masyadong panahon para sa sarili.

Buti pa noong nag-aaral pa siya. Nagagawa niya ang hobby na mag-hiking. Nakakapagbasa rin siya ng mga librong gusto niya, nagagawa niya ang ibang bagay na gusto niya. Pero pagka-graduate ay puro trabaho na ang hinarap niya. Ngayon na lang siya ulit malalayo sa hacienda.

At mula nang hawakan niya ang hacienda ay negative na ang lovelife niya. At hanggang hindi sila umaangat muli ay wala siyang panahon as pag-ibig. Ngayon pa lang sila unti-unting nakakabangon. Kailangang maganda ang produksyon nila sa taong ito.

Bumusina siya sa tapat ng gate ng bahay sa Maynila at isang katulong ang nagbukas niyon. Binati niya ito, matagal na itong naninilbihan sa kanilang pamilya.

“Maligayang pagdating, Señorita,” anito.

“Salamat, Renata. Si Auntie?” tanong niya nang makababa matapos maigarahe ang sasakyan. Hindi

niya kasi napansin sa garahe ang dalawang kotse ng mag-anak.

“Umalis kasama ang mga amiga niya. Mamaya ay magbo-ballroom ang mga ’yun.” Binitbit nito ang isa niyang maleta.

“Eh, si Berna?” Pumasok na sila sa bahay.

“Nasa kuwarto niya. Señorita, ilalagay ko na itong gamit mo sa dati mong kuwarto. Naayos ko na kaninang umaga,” nakangiti nitong sabi.

“Salamat, Renata. Dederecho na ako sa kuwarto ni Berna. Pakihatid na lang ng pagkain d’un, ha?”

“Sige, Señorita.”

2

Kinatok niya ang pinto sa silid ni Berna. Agad iyong binuksan nang mabosesan siya. Tuwang-tuwa itong makita siya. Niyakap pa siya nito at hinalikan sa pisngi.

“I’m so glad that you’re now here, Melissa,” saad nito.

Pumasok siya sa kuwarto at isinara nito ang pinto.

“Natutuwa rin akong makita ka. Kumusta? Parang namumutla ka, Berna. Hindi ko gusto ang kulay mo,” napapailing na puna niya.

“Hindi na ako lumalabas ng bahay. Sana doon na lang muna ako sa hacienda. Pero ayaw ni Mommy na bumalik ako doon kahit ilang linggo lang. Di ko siya maintindihan,” kumpisal ng pinsan.

“Berna, ako man ay hindi sang-ayon sa ginawa niya sa ’yo. I mean, pinatigil ka niya sa pagtatrabaho dahil sa kasal mo. At di rin tama na ipagkasundo ka sa taong di mo naman lubos na kilala.” Hinawakan niya ang kamay nito.

Iginiya siya nitong maupo sa kama.

“Tama ka. At nalulungkot talaga ako dito. Kilala mo si Dayle?” tanong nito, nagtaas ng paningin sa kanya.

“Siya ba ’yung assistant manager ni Mr. Sanchez sa Marketing Department?” Ang tanging Dayle na kilala niya ay co-employee nila ng pinsan dati.

“Siya nga. Alam mo, sinagot ko siya pagkatapos mong mag-resign. Two years na rin kami. ’Tapos, ngayon ikakasal ako sa iba.”

“Ibig mong sabihin, kayo pa rin ni Dayle?”

Tumango si Berna.

“Hanggang ngayon, kayo pa rin?” paniniyak niya.

“Oo. At alam niya ang tungkol sa kasal ko at kung bakit ako magpapakasal kay Zaldy Sandoval. Ininsulto siya ni Mommy nang magpunta siya dito. At binantaan din siya ng Zaldy Sandoval na ’yon nang malaman nitong nagpunta siya rito para makita ako.”

“Ano? Ginawa nila ’yun kay Dayle? Mabait si Dayle sa pagkakilala ko sa kanya. Ba’t nila trinato nang gan’un iyong tao?”

“Ewan ko, Melissa. Pero si Dayle ang mahal ko,”

naiiyak nang sabi ni Berna.

Nakita niyang yumuyugyog ang mga balikat nito. Naaawa siyang talaga sa pinsan. Pero wala siyang maisip na paraan para matulungan ito.

"Berna, I wish I could help. Pero di ko alam kung papaano," nasabi na lang niya habang hinihimas ang likod nito.

Tumango lamang ito, patuloy sa pagluha.

———————

"Salamat naman at dumating ka na, Melissa," ani Rosanna sa hapag kinabukasan.

Nagsalu-salo sila sa almusal. Naroroon ang dalawa pa niyang pinsang sina Rey at Billy.

"Kagabi lang po, Auntie," sagot niya.

"Akala namin magmamatigas ka pa, little cousin," ani Billy.

"Mukhang sexy ka ngayon, ah," obserba ni Rey.

"If that's a compliment, Rey, salamat," matabang na sagot niya sa nakatatandang pinsan. Hindi siya tumatawag ng kuya sa mga ito.

Natawa si Rey sa sinabi niya at napahalakhak din

si Billy. Tinapunan ng matalim na tingin ng ina ang dalawa at natigil ang mga ito. Hudyat na magsasalita ulit ang *aristocrata* niyang tiyahin.

“Hindi ko alam kung ano talaga ang gusto ni Berna sa ’yo, Melissa at talagang kailangan pang nandito ka long before her wedding day. Alam nating marami ka ding dapat asikasuhin sa hacienda.”

“Opo, Auntie. Kaya nga po nagtaka ako nang tumawag kayo at pinapunta n’yo ako dito,” aniya.

“Para kasing balewala sa ’yo ang lahat ng ito,” galit na sumbat ng tiyahin.

“Auntie, sa pagkakaalam ko biyudo ang ama ng Zaldy Sandoval na iyon. Ba’t di na lang kayo ang magpakasal?” matapang ngunit mahinahon niyang tuligsa rito.

Napalunok ang mga anak nito sa narinig. Noon pa man ay wala na siyang takot sa pagsagot sa babae, bagaman sinisikap niyang igalang ito sa abot ng kanyang makakaya.

Walang makaimik sa mga pinsan niya. Puro takot ang mga ito sa ina.

“Tama ka. But it doesn’t change the fact that older men prefer younger women, Melissa. At nawala na sa

’kin ang kabataan ko. Sapat nang maging magbalae kami ng ama ni Zaldy. Pasalamat iyang si Berna at sa anak siya ikakasal at hindi sa ama nito.”

Lahat sila ay napasulyap kay Berna na tahimik na nilalaro lamang ang pagkain sa plato nito. Awang-awa siya sa pinsan. Batid niyang sa bawat araw na lumilipas ay patindi nang patindi ang pagkadesperada nito dahil palapit na nang palapit ang araw ng kasal nito sa lalaking hindi naman nito mahal.

Nagkita na ba ang pinsan niya at ang Zaldy na iyon? Hindi man lang ba nito nagustuhan ang lalaki kahit na kaunti. Napakapangit ba nito?

Kahit sa business o social pages ng pahayagan ay hindi pa niya nahagip ang mukha ng lalaki. Mailap umano itong masyado sa mga reporters.

“Auntie, baka naman puwede pa nating i-delay ang kasal?”

Napatingin sa kanya ang mag-anak na tila ba imposible ang sinasabi niya. Well, iyon ang naiisip niya batay sa ekspresyon ng mga ito at sa pagtitiim-bagang ng kanyang tiyahin.

“Melissa, nanghihimasok ka ba? Dahil kung gan’on ang intensyon mo, sinasabi ko na sa ’yo ngayon pa lang na hindi ka magtatagumpay sa pagkakataong

ito. Ang totoo ay gusto ng pamilya Sandoval na madaliin ang kasal, pero dahil sinabi kong gusto ko ng engrandeng okasyon, napilitan silang pumayag sa apat na buwang paghahanda! Mahaba nang palugit iyon para sa kanila. Mula ngayon wala ka nang sasabihin tungkol sa kasal. Ang hacienda lang ang intindihin mo."

Naintriga siya. Either pangit or bading ang Zaldy na iyon kaya kailangan pang ipagkasundo para lang makapag-asawa. O baka naman matanda na at naiwan na ng biyahe.

"Pero, Auntie, hindi po ba't nakapagtataka iyon? Bakit minamadali nila ang kasal gayong kayo po ang may gusto nito?"

"Melissa, suhestiyon ko lang 'yun noong una. Malay ko ba na papayag sila sa gusto kong mangyari. Lalo na si Zaldy."

"Bakit, Auntie? Bakit n'yo pa ito ginagawa gayong sinabi ko na sa inyong magiging okay na tayo sa taong ito? Nakakabangon na ang negosyo natin. Panahon lang naman ang hinihingi ko. Sana kahit konti may tiwala kayo sa akin."

"Melissa, I trust you. Pero kailangan kong makasiguro, I'd rather play safe than risk losing

Hacienda Dulce Vita in the very near future. Kaya minabuti ko nang isugal ito bago pa mahuli ang lahat."

"What do you mean?" Nabitawan niya ang hawak na kubyertos dahil sa panginginig ng mga kamay. "Ano ang isinugal n'yo?" Si Berna lamang ang tila nag-e-enjoy sa pagsasagutan niya at ng ina nito.

"Ang hacienda ang ginawa kong dowry ng pinsan mo. That way, hindi naman tayo kahiya-hiya sa mga Sandoval," nakataas pa ang kilay na saad nito.

"Dowry? In this day and age? At kailan pa nauso iyon sa Pilipinas? Kung tutuusin ang lalaking iyon pa ang dapat na may regalo para kay Berna. You're impossible, Auntie!"

"It's better this way, Melissa. Kaysa naman maipagbili natin ang hacienda sa ibang pagkakataon at tuluyan na itong mawala sa atin. You know how important the estate is to me. It's all that's left in our family. This way, mananatili ang hacienda na pag-aari ni Berna at ng magiging asawa niya."

Napabuga siya ng hangin sa inis, tuluyan nang nakalimutan ang pagkain.

"Hindi lang ikaw ang nag-aalala sa kalagayan ng hacienda, Auntie. Ginagawa ko ang lahat para

maibangon ito. Pero hindi natin kailangan ang tulong ng ibang tao. And what if Berna's future husband decides to sell it? Tingin n'yo may magagawa si Berna? And how could you do this to Berna? Haven't you thought about her feelings? She's your daughter. How could you sit and watch her suffer na magpakasal sa isang lalaking ni hindi niya yata gusto?"

"Melissa, stop this nonsense! Kasama sa kasunduan na hindi nila puwedeng ipagbili ang hacienda. Ginawa ko lang ang sa tingin ko ay nararapat. Buti nga't hindi ikaw ang napili kong ipakasal kay Zaldy dahil kung nagkataon, lalong malaking gulo ang mangyayari. And knowing my daughter, she can do a lot worse. She's better off with Zaldy."

"That Zaldy must be monstrous in looks and in personality at kailangan n'yo ang walang kalaban-labang si Berna para sa kanya." Natawa siya nang mapakla. "At tama kayo, talagang wala kayong mapapala kung ako ang napili ninyong ipakasal sa lalaking iyon."

Biglang tumayo si Berna at iniwan sila sa hapag-kainan. Tiningnan siyang lalo nang masama ni Rosanna dahil doon. Pero sumunod lang siya sa pinsan. Inabutan niya itong nakatayo sa terasa.

"I can't thank you enough, Melissa. Ipinaglaban

mo ako kay Mommy. Wala man lang magawa ang dalawa kong mga kapatid. Ikaw lang ang gumawa nito para sa 'kin," malungkot na umpisa nito, nakatalikod pa rin sa kanya.

"I accomplished nothing, kaya wala kang dapat ipagpasalamat. Napakahirap banggain ng nanay mo. She's all nails! Pero hindi tama ang ginawa niya at dapat na malaman niya 'yon, Berna."

"Pero kahit ano pa man ang sabihin mo, naka-set na ang date ng kasal, Melissa. Wala na tayong magagawa pa. At maimpluwensya ang mga Sandoval. Di na puwedeng umatras pa."

"Well, siguro nga. Pero kung ganyan kasama ang ugali ng mapapangasawa ko, Berna, lalayas talaga ako bago pa ang kasal ko. At kung gagawin ko 'yun, itataon ko na kaorasan na ng kasal para di ako agad makita ng mga maghahanap sa 'kin. Then maybe… just maybe, dahil sa pangyayaring ito ay ang groom na mismo ang aatras. Wala na siyang magagawa pa. Saka ko na iisipin ang eskandalo."

Biglang napatingin sa kanya si Berna. Niyakap siya nito nang mahigpit. Ngayon lang niya nakitang sumaya ang mukha nito.

"Thank you. Pero kailangan kong makausap si

Dayle tungkol dito.”

Napangiti na lang siya.

“We can invite him over. Puwede mong sabihing huling paalam n’yo na iyon sa isa’t isa,” aniya.

“Why are you so clever and brave at the same time, Melissa?”

“I’m neither, Berna. Pero may mga bagay na ikaw lang ang puwedeng gumawa para sa sarili mo,” mahinang sabi niya.

Napatango-tango na lang ang kausap. Tumingin ito sa kanya at inaya siyang bumaba at maglakad-lakad sa hardin.

“I just wish I’m half as brave as you,” hiling nito.

“Tell me, dapat bang katakutan nang ganyan ang Zaldy Sandoval na iyon kung sigurado kang si Dayle talaga ang nasa puso mo? Hindi mo ba talaga siya gusto kahit konti?”

“I don’t know, Melissa. He’s so… odd. Hindi siya tumatawa o ngumingiti. Parang palaging nagmamadali sa ayos niya. Don’t get me wrong, marunong siyang magdala ng damit at malinis siyang tingnan. I just mean para bang maya’t maya siyang nakatingin sa relo niya.”

"I get what you're trying to say. Hindi siya mapalagay sa isang lugar nang matagal."

"Something like that."

"Hindi mo talaga siya magugustuhan? Hindi ba siya guwapo? Walang appeal?"

Bumuntong-hininga ito. "Si Dayle lang ang guwapo sa paningin ko, Melissa. At siya ang talagang mahal ko. At ngayon, dahil sa sinabi mo may pag-asa na ako. Sa tingin ko, may pag-asa na ang pag-ibig namin."

"Masarap ba talaga ang magmahal, Berna?" naitanong niya.

Tumigil ito sa paglalakad. Nagniningning ang mga mata nito at may ngiti sa labi nang tumingin sa kanya. Kahit hindi ito magsalita, parang alam na niya ang sagot.

"It's the sweetest thing on earth, Melissa! Kung iibig ka lang sa tamang tao, iyon ang mararamdaman mo."

Napatango na lamang siya at pinisil ang pisngi nito.

"Maybe I have to wait forever bago maramdaman 'yan."

Ngumisi ito sa kanya.

"I wouldn't be too sure about that. Siguro dapat ko nang sabihin sa 'yo ang totoo. I don't wanna voice it out for it seems like a betrayal to Dayle. But you watch yourself with Zaldy. Guwapo siya, Melissa. At mayaman. Alam kong hindi iyon sapat sa 'yo, pero matalino rin ang lalaking iyon. Baka umibig ka sa maling tao. I'd hate for you to be hurt."

Bigla siyang kinabahan sa sinabi nito.

"What are you saying?" aniya nang makabawi. "Ikaw ang ikakasal sa kanya. If he's all that, di sana kahit paano na-attract ka sa kanya. Pero heto ka, namomroblema." Tumawa pa siya.

Pero seryoso si Berna. "I'm just saying, baka ikaw ang katapat niya, Melissa. He has a temper, I'm told. Pero di ko pa 'yun nakita. Binantaan nga niya si Dayle, di ba? But I didn't actually witness that. Sabi ni Dayle, Zaldy's attitude was cold, pero matatakot daw ako sa ekspresyon ng mukha niya kung nakita ko lang."

"Nakakatakot pala ang hitsura, eh. Di ibig sabihin pangit siya! Kung magkabanggaan man kami pag asawa mo na siya, di ako yuyuko sa kanya. Isinusumpa ko 'yan."

"Maybe you don't have to," malabo nitong saad.

"Ah, habulin nga pala siya ng mga babae. Dapat maghanda-handa ka na. Baka mahulog ka sa bitag niya."

"Alam mo, nakakalito ka na. Sabi mo kanina masama ang ugali niya, 'tapos ngayon habulin siya ng mga babae. Sorry, Berna, pero hindi ako fan ng mga bad boys na magiging reformed rakes balang araw. Kaya 'wag kang mag-alala. This Zaldy Sandoval can't hurt me."

Tumango ito. "If you say so. Pero maghanda-handa ka na rin sa kanya dahil may potential siyang mas malala pa kaysa kay Mommy."

"I should know how to deal with him, then. May practice na yata ako kay Auntie Rosanna," napangising saad niya.

Napabuntong-hininga ang pinsan. "Well, I'm not going to whine about my problems anymore. Dahil sa 'yo, I think puwede pa akong lumigaya, after all. Ipangako mo sa akin na tutulungan mo 'ko sakaling magkaproblema in the future."

"Siyempre naman. 'Yan kaya ang dahilan kung bakit ako naririto."

"So, bakit di tayo lumabas at mamasyal? Nabobore na rin ako dito sa loob ng bahay."

"Matutuwa si Auntie, I bet."

"Pero magtataka rin siya kung paano mo ako nabola."

Nagtatawanan silang bumalik sa loob para maghanda sa pag-alis.

3

"Masaya na yata si Berna ngayon," puna ni Rosanna minsang naghahapunan sila. "Panay ang labas ninyong dalawa."

"You should be happy about it, Auntie. Tanggap na ni Berna ang kanyang kapalaran," nakangiting sabi ni Melissa.

Ngunit may pagdududa sa mga mata ng tiyahin. Napasulyap ito sa puwesto ng dalawang anak na lalaki na hindi nila kasalo.

"Auntie, dapat luwagan n'yo nang kaunti sina Rey at Billy. They're of marrying age already, right? Dapat di n'yo na sila alalahanin pa masyado kapag dinner time at wala pa sila."

"They should have at least called to let me know," reklamo nito, matalim ang tingin.

"You can tell them that next time," sagot niya, nagkibit-balikat lang. "Excuse me. Tatawag ako sa hacienda habang naroon si Luis. Ganitong oras kasi siya pumupunta."

At umalis na siya upang iwan ang mag-inang

si Berna at Rosanna sa hapag. Katulad ng kanilang plano ay io-open ng pinsan ang topic tungkol sa huling pagbisita rito ni Dayle sa susunod na araw upang magpaalaman na ang magkasintahan.

———————

"Luis, kumusta na?"

"Okay lang po, Ma'am. Kaya lang medyo may sakit si Antonio. Dinala nga namin ni Rasa sa beterinaryo kanina," tukoy nito sa isang katulong. "Kung gusto n'yo tatawagan ko na lang po kayo bukas para ibalita ang kalagayan niya."

"Mabuti pa ako na lang ang tatawag uli diyan sa 'yo, mga ganitong oras din. Ingat kayo."

"Sige po. Salamat po."

Matutulog na siya nang kumatok si Berna at pumasok sa kanyang silid upang ibalita ang kinalabasan ng pag-uusap nito at ng ina.

"Hindi ako makapaniwalang ikokonsulta pa niya ito kay Zaldy. At papupuntahin niya dito ang lalaking iyon para makaharap din si Dayle!" nag-aalalang saad nito.

"Well, that's better. Hindi na sila magdududa pa. Kaya ako na ang bahalang magbigay sa sulat mo kay

Dayle. Isasama ko sa wedding invitation. Don't worry, I'll make sure mababasa niya talaga ang note mo."

"Hay, Melissa, kinakabahan na tuloy ako sa plano natin. Paano kung mahalata nila 'yon? Papaano natin maibibigay ang sulat nang di sila nagdududa? You know, my mom would object to inviting Dayle to the wedding. Kaya bakit ko siya aabutan ng imbitasyon, di ba?"

"Basta aliwin mo lang sila or something. At ako ang magbibigay sa kanya. O kung gusto mo ikaw mismo ang mag-abot kay Dayle."

"Sana di tayo magkamali, Melissa."

"Just pray for it to be victorious."

Berna sighed. "Can't I use the Internet or my cellphone?"

"It may do more harm than good. Baka hindi mabasa ni Dayle ang e-mail or ma-misunderstood niya ang text. Let's do it this way. Mas may chance tayo."

Kinabukasan ng gabi ay dumating si Dayle. Ngunit wala pa rin ang isa nilang bisita—ang groom-to-be ni Berna na si Zaldy. Naghihintay na sa sala sina Rosanna, Berna at Dayle.

Dahil walang extension sa kanyang kuwarto ay ang cellphone niya ang kanyang ginamit upang tumawag sa probinsya. Nag-aalala siya sa kanyang aso.

“Kumusta na, Luis?” tanong niya nang mabosesan ito. Hindi niya napansin ang dumating na kotse at ang lalaking umibis mula rito. “Okay na ba si Antonio?”

“Medyo okay na po siya, Ma’am. Magaling talaga si Dr. Valdez. Kaya lang di pa po siya nababayaran.”

“Ako na ang bahala, maiintindihan iyon ni Doc. Mabuti’t maayos na si Antonio. Kumakain ba siyang mabuti? Puwede daw ba siyang liguan sabi ni Doc?” kagat-labi niyang tanong.

“Ma’am, magana po siyang kumain . Promise po aalagaan ko siya nang mabuti para sa inyo,” ani Luis.

“Naku, Luis. Kung alam mo lang, sobra akong nag-aalala kay Antonio. Sana nandiyan ako para maalagaan ko rin siya. Mahal ko talaga ’yan.”

Napatawa ang binatilyo sa kabilang linya.

“Alam ko po, Ma’am. Huwag po kayong mag-alala, pagdating n’yo po dito ay katulad siya nang dati.”

“Sige. Ilang araw na lang at nasa hacienda na

ako, Luis."

Nang i-press niya ang end call button ng cellphone ay saka lang niya napagtanto na may nanonood sa kanya at nakikinig. Napalunok siya nang makita ang matangkad na lalaki di kalayuan sa kanya. Naka-executive suit ito at tila nangungutya ang tingin sa kanya.

"Ikaw siguro ang sinasabi nilang pinsan ni Berna."

Maganda ang boses, naisip niya.

"Oo, ako nga ang pinsan niya. You must be her future husband?" taas-kilay niyang tanong.

"Paano mo nahulaan?"

"Para namang walang may alam na darating ka ngayon rito. Just to see my cousin's ex-boyfriend. Ano, babantaan mo uli siyang layuan na si Berna?"

"Ginawa ko lang 'yon noon para makasiguro, Miss…"

Alam niyang hinihingi nito ang pangalan niya, pero wala siyang interes na makipagmabutihan sa business-minded na lalaking ito.

"Halika na sa loob dahil kanina pa sila naghihintay

sa 'yo." Nauna na siyang maglakad.

Walang imik itong sumunod.

———————

Di makapaniwala si Zaldy sa babae. Tila namana nito ang pagiging sharp-tongued ng tiyahin. Ang tatlong anak ni Rosanna ay hindi palaban. Mukhang ang pamangkin lang nito ang may ganoong tapang.

Pero ni sa hinagap ay hindi niya naisip na ganito kaganda ang pamangkin ni Rosanna.

Berna was good-looking, but the girl—woman—ahead of him was extremely gorgeous. Saan kaya ito itinago ni Rosanna? Dahil kung nakaharap niya ito noon, ito mismo ang pipiliin niyang pakasalan. Pupusta siya na di magiging boring ang kanyang buhay. Hindi katulad ng nakikinita niyang buhay kasama si Berna—a meek lamb compared to the viper in front of him.

Pero sino ang Antonio na iyon sa buhay nito? Narinig niyang sinabi nito na mahal nito ang lalaki.

"Melissa, mabuti at sinamahan mo papasok si Zaldy," seryosong sabi ni Rosanna na tumayo nang makita silang pumasok.

"Nagkataon lang po, Auntie." Lumapit siya kay

Berna upang bigyan ito ng moral support.

“Magandang gabi, Mr. Sandoval,” ani Dayle sa bagong dating.

Sinulyapan lang ito ng lalaki pagkatapos ay ngumiti nang matipid sa future mother-in-law nito.

“Magandang gabi, Rosanna. Kumusta, Berna?” anito sa future wife.

Halos maramdaman ni Melissa ang panginginig ng pinsan. Hinawakan niya ang kamay nito. Dahil doon ay nakuha nitong ngumiti at bumaling kay Zaldy.

“Ayos lang. Salamat. Puwede na ba tayong mag-dinner?”

“Renata, handa na ba ang mesa?” tanong ni Rosanna sa katulong na nasa malapit lang.

“Opo, Ma’am.”

“Sige, susunod na kami,” anang ginang. Kasabay nitong naglakad si Zaldy.

“I heard about the estate’s condition. Kumusta na ito ngayon?” tanong ng lalaki habang kumakain sila.

Napatingin si Rosanna kay Melissa bago ito sumagot.

"Makakabawi na rin ito sa taong ito, Zaldy. Iyon ang assurance ni Melissa sa akin bago siya pumunta rito. Doon namamalagi ang pamangkin kong ito for the past two years. Siya ang namamahala doon."

Napatitig ang lalaki sa kanya, nakaupo siya sa tapat nito, katabi niya si Dayle na walang imik at pasulyap-sulyap kay Berna na nasa tabi naman ng 'bridegroom' nito.

"So, she knows business?" Si Rosanna ang tinatanong nito pero sa kanya nakatingin.

"I'm grateful to have a niece like her, Zaldy, kung iyon ang tinatanong mo. She's talented and bright. Siguradong magkakasundo kayo kapag business ang pag-uusapan," sagot ni Rosanna na nasa kabisera.

"Auntie, ngayon ko lang narinig mula sa inyo 'yan," pabirong sabat niya, ginagatungan ang temper ng tiyahin.

"Melissa, alam mong hindi ko ugaling mag-praise ng tao nang harap-harapan. At least, I gave you credit in front of Zaldy, for all you've done for our family. Ayaw mo ba?" Piling-pili ang mga salita nito upang maiwasan ang eskandalo sa hapag.

"Auntie, it's not that hindi ko gusto ang sinasabi n'yo. I was just surprised, that's all." Ngumiti siya sa

matanda at sinulyapan si Berna na tensyonado pa rin.

“So, kumusta sa opisina, Zaldy?” baling uli ni Rosanna sa future son-in-law.

“Busy, as usual. I don’t even know if I‘ll have time for my honeymoon,” anitong tiningnan nang makahulugan si Berna, pagkatapos ay si Melissa.

Natawa si Rosanna. Bahaw iyon, matagal na rin itong hindi tumatawa mula nang mabiyuda ito.

“Of course you are joking, Zaldy. Your honeymoon is important. Even your father must tell you that.”

“Tama ka, Rosanna. Kasundo mo nga ang Papa, pero hindi lang sa bagay na ’yan.”

Bahagyang pinamulahan si Rosanna ng mukha. Na-amuse si Melissa na makita ang tiyahin na nagba-blush. Hindi siya makapaniwalang ang katulad ni Zaldy ang makakagawa niyon dito. Naintriga na tuloy siya sa lalaki, sa pagkatao nito.

Pero parang gusto niyang isipin na puro negosyo nga ang nasa utak nito. Imagine, kahit honeymoon ay ni ayaw pagtuunan ng panahon.

“Dayle, kumusta ang trabaho?” biglang baling ni Zaldy sa kasintahan ni Berna.

Napatingin agad ang dalaga sa nobyo.

"Mabuti naman, Sir. Thanks for asking," mahinahong sagot ni Dayle.

Malamig lang itong sinulyapan ni Rosanna.

"Ano pa ba ang gusto mo kay Berna? Magpapakasal na siya sa akin, Dayle," tahasang saad ng lalaki.

"Huli na namin itong pagkikita. Binisita ko na lang siya upang makapagpaalam na kami sa isa't isa. May masama ba d'un, Mr. Sandoval?" tugon ng binata na derechong tiningnan ang kausap.

"Wala. Pero akala ko tapos na lahat sa inyo nang huli kang pumunta dito about a month ago."

"Tapos na nga kami noon. But we're still friends. At di ko lang matanggihan si Berna nang imbitahan niya akong mag-dinner upang siya naman ang makapagpaalam sa akin."

Tumawa nang mapakla si Zaldy. "Bakit kailangan niya pang gawin iyon?" Sinulyapan nito si Berna na nakatingin sa plato nito.

"Bibigyan ko lang siya ng invitation sa kasal natin," sagot ni Berna.

"You could've sent that to him, couldn't you?"

Napaka-bossy ng tinig ng binata.

"Tama si Zaldy," malamig na sabi ni Rosanna.

"Yes, she could have done it. But as it is, she did not. I wanted to get acquainted with Dayle again kaya ako na ang nag-suggest kay Berna na papuntahin siya dito, even for the last time," sabat na ni Melissa. Napatingin sa kanya ang lahat ng pares ng mga matang nasa hapag.

Convincing, pero di ako naniniwala, naisip ni Zaldy.

"Ah, ikaw ang may pakana nito?" anang tiyahin. "I thought…" Tila biglang na-check nito ang sarili. "Well, yes. I remember now that you and Dayle worked together for Mr. Sanchez." Napatango na lang ito at tiningnan ang mamanugangin.

Zaldy gave a slight nod. "Kaya pala. Okay then," anito.

Nang magpaalam si Dayle ay ibinigay na ni Berna ang invitation card.

"Let me see that," ani Zaldy at natigilan sina Melissa at Berna.

"Bakit titingnan mo pa ito? Hindi mo pa ba ito nakita dati, Mr. Sandoval?" ani Dayle.

Humanga si Melissa sa nakitang dignidad sa nobyo ni Berna. Dahil sa ginawa nito ay nagkibit-balikat na lang si Zaldy at nagpaalam na.

“Nabasa na kaya niya ang sulat ko by now?” mahinang tanong ni Berna nang patungo na sila sa kani-kanilang silid nang gabing iyon.

“Sana. Excited na siguro ’yon.”

May missed call galing kay Dayle na rumehistro sa cellphone ni Melissa. Iyon ang hudyat na nabasa na ng binata ang note. Nagkangitian silang magpinsan at hinalikan siya ng dalaga bago ito nagpasalamat at tumuloy sa kuwarto nito.